Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeMs)

# FILIPINO 9 (Ikaapat na Markahan-USLeMs:7)

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Mark Ryan V. Canimo |
| **Tagaguhit:** | Paolo N. Tardecilla |
| **Tagalapat:** | Maru U. Panganiban |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Adelwisa P. Mendoza |
| **Tagasuri ng Wika:** | Galcoso C. Alburo |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Elisa O. Cerveza, CID Chief SDO-Marikina City<br>Dr. Gloria G. Tamayo, EPS in Filipino-NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Galcoso C. Alburo, EPS in Filipino SDO-Marikina City<br>Ivy Coney A. Gamatero, LR EPS SDO-Marikina City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Menere R. Nasiad, PDO SDO-Marikina City<br>Catherine C. Paningbatan, Librarian SDO-Marikina City |

(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## Inaasahan

Sa pag-aaral ng USLeM na ito, inaasahang maisagawa mo ang sumusunod:

A. Naipapaliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa aralin gaya ng pamamalakad ng pamahalaan, paniniwala sa Diyos, kalupitan sa kapuwa, kayamanan, kahirapan at iba pa;
B. Naihahambing ang mga katangian ng isang ina noon at sa kasalukuyan batay sa napanood na dulang pantelebisyon o pampelikula; at
C. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagtupad sa tungkulin ng isang ina

## Unang Pagsubok

Bago ka mag-umpisa ng aralin, isagawa ang mga gawain upang masukat ang iyong dating kaalaman.

A. Lagyan ng ♥ ang patlang kung ang pangungusap ay nagpapaliwanag at ☼ kung naghahambing.

______1. Si Sisa ay mapagmahal na ina sapagkat sa kabila ng kahirapan ay pinipilit niyang makapaghanda ng disenteng hapunan para sa mga anak.
______2. Sadyang malupit ang sinapit ng ating mga ninuno sa kamay ng mga mananakop gaya ng sinapit ni Sisa sa nobela.
______3. Tinakasan ng katinuan ang karakter dahil sa kalupitang sinapit ng kaniyang mga anak.
______4. Mga latay ang iniwan ng pagmamalabis ng sakristan mayor kaya naman hindi mapipigilang magalit ni Crispin.
______5. Ang mag-iina ay kapuwa biktima ng madilim na kapalaran sa kamay ng kapuwa Pilipino at mga Kastila.

B. Punan ng letra ang mga kahon upang mabuo ang tinutukoy ng bawat bilang.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| C | | | | P | | |

1. Sakristan na pinagbintangang nagnakaw ng dalawang onsa sa kumbento.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | L | | | R | | S |

2. Nag-utos na pakawalan na si Sisa sa pagkakakulong.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | | S | | | | | O |

3. Panganay na anak ni Sisa.

| | | | |
|---|---|---|---|
| S | | | A |

4. Mapagmahal na ina nina Crispin at Basilio


| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | W | | R | | E | |

5. Lugar na pinagkulungan kay Sisa.

## Balik-Tanaw

Bago ka magpatuloy, balik-aralan mo ang mga kasanayang natutuhan mo na. Isagawa ang mga gawain sa susunod na pahina.

A. Punan ang *concept map* ng mga kaugaliang Asyano na nabanggit sa mga binasang kabanata ng nobelang Noli Me Tangere.




## Pagpapakilala ng Aralin

Ayon kay Goodman (1967), "Ang pagbabasa ay *psycholinguistic game* dahil ang isang mambabasa ay bumubuong muli ng kaisipan o mensahe hango sa kanyang tekstong binasa."

Kabilang sa limang dimensyon ng pagbasa ay ang interpretasyon. Sa panukatang ito ay naisasagawa ng mga mambabasa ang sumusunod:

- Paglalahad ng tunay na kaisipan ng may-akda kasama pati ang mga implikasyon at karagdagang kahulugan nito.
- Pagkilala sa tunay na hangarin at layunin ng may-akda.
- Mabigyan ng kahulugan ang kaisipan ng may-akda
- Paghahambing (Comparison)
- Mahulaan o mabigyan ng sariling palagay o masabi ang pagkakaiba ng: mga tauhan, panahon at mga pook.

## Gawain

A. Basahin ang buod ng ilang piling kabanata na nagpapakita ng mahahalagang pangyayari sa buhay ni Sisa.

**Ang Mahahalagang Pangyayari sa Buhay ni Sisa**

Sa araling ito ay makikilala mo si Sisa ng nobelang Noli Me Tangere. Inilalarawan bilang isang ulirang ina na patuloy na nagmamahal sa pamilya ng walang hinihinging kapalit at walang kondisyon.

***Kabanata 15: Ang mga Sakristan***

Nais nang umuwi ni Crispin at Basilio sa kanilang tahanan lalo na't ibinalita sa kanila ni Pilosopo Tasyo na naghanda ang kanilang inang si Sisa ng hapunang pangkura ngunit patuloy pa rin silang nagtatrabaho sa simbahan. Napagbintangan si Crispin na nagnakaw kaya't nagalit ito at ipinagdasal na magkasakit ang mga prayle. Naisip ng bata na kung alam lang sana ng kanilang ina ang kanilang sinasapit na kalupitan ay hindi ito makapapayag. Pinagbabayad sila ng dalawang onsa na ang katumbas ay 32 piso. Mabigat itong bayaran dahil sumasahod lang silang ng dalawampung piso sa isang buwan.

Bakas ang pag-aalala ni Basilio dahil baka ikagalit ng ina kapag nalaman niya ang nangyari. Tiwala naman si Crispin na hindi kaagad maniniwala ng kanilang ina sa bintang lalo na kung ipapakita ng batang sakristan ang maraming latay na naiwan ng palo ng kura.

Habang nag-uusap ang magkapatid, dumating ang sakristan mayor na galit na galit dahil sa maling pagpapatugtog ng kampana ng simbahan. Makikiusap sana si Basilio na pauwiin na sila nang mas maaga ngunit biglang kinalakad pababa ng sacristan mayor si Crispin. Walang magawa si Basilio habang naririnig ang pagpalahaw ng kapatid dahil pangmamalupit at pananakit ng sacristan mayor.

***Kabanata 16: Si Sisa***

Si Sisa ang mapagmahal na ina nina Crispin at Basilio. Sa kasawaing palad, mahirap ang kanilang pamumuhay. Naninirahan lamang sila sa isang maliit na dampa sa labang bayan, idagdag pa ang iresponsable, sugarol at walang pakialam sa buhay na asawa. Martir si Sisa dahil sa kabila ng pananakit, patuloy pa rin niyang sinasamba ang asawa.

Sabik na sabik siyang makita ang kaniyang dalawang anak. Naghanda siya ng tuyong tawilis at kamatis na hilig ni Crispin at tapang baboy-ramo at hita ng patong bundok naman para kay Basilio.

Ngunit dahil sa nangyari sa simbahan, hindi makakauwi ang magkapatid upang makpagsalo-salo ng masaganang hain ng kanilang ina. Sakali mang dumating ay hindi na nila matitikman dahil inubos na ng walang puso nilang ama na pagkatapos ay umalis hawak ang panabong na manok.

Naiwang masama ang loob ni Sisa. Napilitan na lamang siyang magluto ng kanin at mag-ihaw ng tuyo para sa mga anak ngunit lumipas ang ilang oras ay dumating si Basilio nang mag-isa habang isinisigaw ang pangalan ng ina.

***Kabanata 17: Si Basilio***

Lubos ang pagkagulat at pag-aalala ni Sisa nang dumating si Basilio na may sugat sa noo mula sa daplis ng bala ng mga guwardiya sibil. Isinalaysay ni Basilio sa kanyang ina ang nangyari pati na rin ang pagbibintang ng pagnanakaw ni Crispin. Habag na habag ang ina sa kaniyang bunsong anak. Ipinangako niya kay Basilio na walang makakaalam ng nangyari sa kaniyang noo.

Nawalan si Basilio ng ganang kumain nang dumating ang ama. Sinabi niya kay Sisa na nais na niyang mawala sa buhay nila ang ama, bagay na ikinalungkot ng ina. Nais pa rin ni Sisang mabuo ang kaniyang pamilya.

***Kabanata 18: Nagdurusang mga Kaluluwa***

Dala ang mga sariwang gulay na pinitas mula sa kayang halamanan, pumunta si Sisa sa kumbento upang makita ang anak na si Crispin. Dumeretso siya sa kusina ng kumbento na buo ang pag-asa na marinig ang tinig ng kaniyang bunsong anak.

Nakiusap siya sa tagaluto kung maaaring makausap ang kura ngunit sinabi nitong ay sakit ang kaniyang sadya. Itinanong naman niya kung nasaan ang kaniyang anak na si Crispin. Nagulantang siya sa narinig na tumakas ang anak pagkatapos nitong makapagnakaw ng dalawang onsa kaya't inaasahang ang mga guwardiya sibil ay nasa kanilang dampa na upang dakipin ang kaniyang mga anak. Nangatal si Sisa, tinakpan ang kaniyang tainga dahil sa paratang ng tagaluto na walang naiturong maganda sa anak dahil nagmana ito sa ama.

***Kabanata 21: Ang Kasaysayan ng Isang Ina***

Ipinakita sa kabanatang ito ang pagiging marupok at mahina ni Sisa pagdating sa kapahamakan ng kaniyang mga anak. Pagdating niya sa kanilang dampa ay naabutan niya ang mga guwardiya sibil. Dahil hindi nakita ang kaniyang mga anak pati ang ninakaw diumano nito, pinilit siyang isama ng mga guwardiya sibil upang makaharap ang kura. Ikinulong siya nang dalawang oras sa kuwartel na nanlilimahid at magulo na ang buhok. Dahil naawa ang alperes, inuutos niyang palayain na si Sisa. Tuliro at paulit-ulit na binibigkas ni Sisa ang pangalan nina Crispin at Basilio nang lumabas sa kwartel.

Sa kaniyang pag-uwi, paulit-ulit niyang hinahanap sa bawat sulok ng kanilang tahanan ang kaniyang mga anak. Nang makita niya ang duguang damit ni Basilio, lalong tumindi ang takot ang nerbiyos ni Sisa. Dahil sa nangyari, tuluyan nang tinakasan ng kaniyang katinuan ang kawawang si Sisa.

***Kabanata 39: Donya Consolacion***

Nainis si Donya Consolacion nang marinig ang pag-awit ni Sisa mula sa kuwartel. Inutusan niyang umakyat si Sisa sa wikang Kastila ngunit hindi siya nito sinunod. Sa galit ng Donya, kinuha niya ang latigo ng asawa at inihampas kay Sisa. Inutusan niyang umait at sumayaw si Sisa at kapag hindi ito sumunod ay latay ang inaabot ng kawawang ina nina Basilio at Crispin. Nahubaran pa si Sisa dahil sa pagmamalupit ng Donya.


***Kabanata 63: Noche Buena***

Hindi natagpuan ni Basilio sa kanilang dampa ang kaniyang ina nang makarating siya sa San Diego. Nakita niya ang ina sa bahay ng alperes na umaawit nang walang katuturan. Nagtatakbo ang ina nang makakita ng tanod. Hinabol niya ang ina ngunit binato siya ng isang alilang babaeng nasa daan. Hindi na niya ito inalintana, tanging nais niya ay maabutan ang ina. Nakarating sila sa gubat. Pumasok si Sisa sa pintuan ng libingan ng matandang Kastila. Hindi na makilala si Basilio ng kaniyang ina. Nawalan ito ng malay maging ang binata ay nawalan din ng malay dahil sa sugat at tinamo nitong sugat. Nang magising si Basilio, wala ng buhay ang kaniyang ina.

B. Isulat sa talahanayan ang paliwanag sa kaisipang nakapaloob sa mga sumusunod na pangyayari sa buhay ni Sisa sa nobela.

| PANGYAYARI SA BUHAY NI SISA | KAISIPAN |
|---|---|
| Makikiusap sana si Basilio na pauwiin na sila nang mas maaga ngunit biglang kinalakad pababa ng sakristan mayor si Crispin. Walang magawa si Basilio habang naririnig ang pagpalahaw ng kapatid dahil pangmamalupit at pananakit ng sakristan mayor. | |
| Inutusan niyang umakyat si Sisa sa wikang Kastila ngunit hindi siya nito sinunod. Sa galit ng Donya, kinuha niya ang latigo ng asawa at inihampas kay Sisa. | |
| Naninirahan lamang sila sa isang maliit na dampa sa labas ng bayan, idagdag pa ang iresponsable, sugarol at walang pakialam sa buhay na asawa. | |
| Pagdating niya sa kanilang dampa ay naabutan niya ang mga guwardiya sibil. Dahil hindi nakita ang kaniyang mga anak pati ang ninakaw diumano nito, pinilit siyang isama ng mga guwardiya sibil upang makaharap ang kura. | |

C. Manood ng isang dulang pantelebisyon o pelikula na ang pangunahing tauhan ay isang ina. Subukang paghambingin ang katangian ng mga ina noon at sa kasalukuyan batay sa pinanood gamit ang *graphic organizer* sa ibaba.



D. Pumili ng isang pangyayari sa buhay ni Sisa na nagpapakita ng tungkulin ng isang magulang. Tukuyin at ipaliwanag ang kahalagahan ng pagtupad nito sa loob ng talahanayan.

| Pangyayari sa Nobela | Tungkulin ng Ina | Kahalagahan |
|---|---|---|
| | | |

# Tandaan

Sa interpretasyon ng isang akda, nagagawa ng mga mambabasa ang:

- Paglalahad ng tunay na kaisipan ng may akda kasama pati ang mga implikasyon at karagdagang kahulugan nito.
- Pagkilala sa tunay na hangarin at layunin ng may-akda.
- Mabigyan ng kahulugan ang kaisipan ng may-akda
- Paghahambing

# Pag-alam sa mga Natutuhan

Suriin ang iyong mga natutuhan sa tulong ng sumusunod na gawain:

A. Isulat ang mga pangyayari na nagpapakita ng kaisipan ng binasang akda batay sa pamamalakad ng pamahalaan, paniniwala sa Diyos, kahirapan at kalupitan sa kapuwa.

| | PANGYAYARI | PALIWANAG |
|---|---|---|
| Pamamalakad sa Pamahalaan | | |
| Paniniwala sa Diyos | | |
| Kahirapan | | |
| Kalupitan sa kapuwa | | |

B. Magsagawa ng isang interbyu sa kaibigan, kamag-aral o kasama sa tahanan. Talakayin ang pagkakaiba at pagkakatulad ng katangian ng mga ina noon at ngayon batay sa kanilang karanasan at ang kahalagahan ng kanilang tungkulin sa lipunan. Ilista ang mga katangiang ito sa kahon sa ibaba.

| Noon | Katangian ng Ina | Ngayon |
|---|---|---|
| | | |

## Pangwakas na Pagsusulit

Ngayong naunawaan mo na ang aralin, oras na para sukatin ang iyong natutuhan.

A. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. “Sa galit ng Donya, kinuha niya ang latigo ng asawa at inihampas kay Sisa. Inutusan niyang umawit at sumayaw si Sisa at kapag hindi ito sumunod ay latay ang inaabot ng kawawang ina nina Basilio at Crispin.” Anong kaisipan ang nakapaloob sa pangyayari?
   a. Sadyang mapang-alipin ang mga dayuhan.
   b. May mga Pilipinong nagbibigay-pasakit sa kapuwa Pilipino.
   c. Dapat matutuhan ng mga ina ang pag-awit at pagsayaw
   d. Wala sa pagpipilian

> Si Sisa ang mapagmahal na ina nina Crispin at Basilio. Sa kasawaing palad, mahirap ang kanilang pamumuhay. Naninirahan lamang sila sa isang maliit na dampa sa labang bayan, idagdag pa ang iresponsable, sugarol at walang pakialam sa buhay na asawa. Martir si Sisa dahil sa kabila ng pananakit, patuloy pa rin niyang sinasamba ang asawa.

2. Ano ang pinaka-angkop nakatangian ang ipinakita ni Sisa batay sa talata?
   a. iresponsable   c. sawing-palad
   b. mapagmahal   d. marupok
3. Alin sa sumusunod na mga pahayag ang may pinaka-angkop na paliwanag sa kaisipan ng talata?
   a. Naninirahan lamang sila sa isang maliit na dampa.
   b. Martir si Sisa sapagkat natitiis niya ng kaniyang asawa sa kabila ng mga pananakit nito.
   c. Sadyang mapagmahal ang karakter ni Sisa
   d. Wala sa mga binanggit

4. Mula sa pangungusap na "Nagpasya siyang hindi na kumain sapagkat hindi na magkakasya sa tatlo katao ang kanilang iniluto," ano ang gustong iparating nito sa mambabasa?
   a. Pagpapaubaya sa mga anak
   b. Walang pakialam sa mga anak
   c. Kawalan ng ganang kumain
   d. Maramot sa anak
5. "Ipinaghanda ni Sisa ng pangkurang hapunan ang kanyang mga anak." Anong katangian ng ina ang ipinapakita ng pangyayari mula sa kabanata?
   a. Maaruga    b. Mapagtimpi    c. Matipid    d. Mapagpatawad

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok A:**
1. ♥
2. ☼
3. ♥
4. ♥
5. ☼

**Unang Pagsubok B:**
1. Crispin
2. Alperes
3. Basilio
4. Sisa
5. kwartel

**Pangwakas na Pagsusulit A:**
1. B
2. B
3. B
4. A
5. A

## Sanggunian

file:///C:/Users/LENOVO/OneDrive/Documents/filipino%20files/filipino_9_tg_draft_4.1.2014.pdf

https://frontlearners.com/blended/pluginfile.php/7473/mod_resource/content/1/index.html